# 2 Kung Sakali sa Malakas na Lindol Habang nasa Tahanan

## （1）Mga Panganib sa Tahanan

Kahit na ang bahay ay nananatiling nakatayo sa kahit na malakas na paggalaw sanhi ng lindol, ang mga tao sa loob ay nahaharap pa rin sa panganib. Isulat ang ng mga posibleng panganib sa inyong tahanan gamit ang mga larawan at ilustrasyon bilang basehan. Isulat din ang mga taktika kung paano maiwasan ang panganib.

| Lugar | Maaring Panganib | Paano Iwasan ang Panganib |
|---|---|---|
| Hal.) Sa inyong silid | Nagkalat na mga pirasong basag na salamin ng bintana. Ang mga lagayan ng aklat na hindi nakakabit sa dingding ay bumagsak. | Lagyan ng glass safety film ang mga salamin ng bintana. Ikabit ang mga lagayan ng aklat sa dingding gamit ang panali o metal fittings. |
| | | |
| | | |
| | | |





Larawang Kuha ni: Higashimatsushima City



Larawang Kuha ni: Higashimatsushima City



Larawang Kuha ni: Higashimatsushima City



Larawang Kuha ni: Higashimatsushima City

### Pag-usapan natin ito!

Sa pagsisiyasat sa kaalaman ng residente kaugnay sa pag-iwas sa kalamidad sa taong 2018, nasa may 46% ng residente ang hindi pa nagkakabit ng kanilang mga kagamitan sa dingding at sahig sa kanilang mga bahay. Subukang pag-usapan bakit ang mga pamamaraan ay hindi pa isinagawa kahit alam na ang posibleng panganib.

## (2) Upang Maproteksyunan ang Inyong Sarili at ang Inyong Pamilya

①Kung sakaling may malakas na lindol, ang mga sumusunod na sitwasyon ang maaring mangyayari sa inyong tahanan.

| Sitwasyon sa Tahanan | Ang mga Gagawin |
|---|---|
| Ang pagkasira ng porma ng dingding ay naging dahilan na hindi mabuksan ang pintuan ng kwarto ng aking lola.<br>Ang lola ay nakulong sa loob ng kwarto. | Hal.) Suriin ang kaligtasan ng lola sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanya. Sirain ang pinto sa tulong ng kasapi ng pamilya upang mailigtas ang matanda. Maghanda para sa paglikas. |
| Ang lutuan ay bumagsak at ang aking ama ay napaso ang paa mula sa natapong tubig mula sa Takure. | |
| Mga pira-pirasong ng mga nababasag salamin at mga pinggan na nakakalat sa kabahayan.<br>Mga bumagsak na kagamitan na nakaharang sa daanan. | |
| Anong mga posibleng sitwasyon ang maaari mong ipagpalagay mula sa itaas? Subukang isulat ito. | |
| | |

②Saan ka lilikas mula sa inyong tahanan? Anu-ano ang mga bagay na dapat tandaan habang lumilikas?


| |
|---|
| |

### Sa Kaso ng May Sunog

- Ang apoy ang nagdadala ng nakalalasong hangin, gaya ng carbon monoxide. Upang makalikas sa gitna ng usok, takpan ang bibig at ilong ng tela,gaya ng panyo, at gawing ibaluktot ang iyong katawan kung kinakailangan.
- Unahin ang paglikas ng mga taong nangangailangan ng tulong sa paglikas, gaya ng mga bata at matatanda.
- kapag nakalikas na, huwag ng bumalik sa pinanggalingan mo.
- Kapag kumalat ang sunog, lumikas sa bukas na lugar, gaya ng palaruan o playground.



### Paano gamitin ang pamatay sunog?




Ang pamatay sunog ay maaaring makapahinto lamang kung hindi pa kumalat ang apoy sa kisame o dingding.



**Mga Dapat Gawin** Maghanda sa una pa lamang ng mga emergency item na kayo at ng inyong pamilya ay dapat magdala. Subukang kabisaduhin ang mga lugar na lilikasan at mga daanan sa paglikas.